# ANG ILUSYON SA KULAY NG ATING BUDHI

## SYNOPSIS

Bulilyasong holdap ng isang burger stall, isang kalunos-lunos na insidente ng bullying sa paaralan, tatlong batang babaeng natagpuang patay—sala-salabit na karahasang magbubuhol sa landas ng isang burger stall crew, estudyanteng binansagang “Ohab”, at isang amang naghahanap ng katarungan para sa anak na naparalisa. Sa tunggalian ng mga biktima, sa pagitan ng pangangailangan at konsensiya, lulutang ang kulay ng bawat budhi—at hindi ito puti.

## ANG ILUSYON SA KULAY NG ATING BUDHI

### I

SI Madam Bet lang ang natutuwa sa ipinasasahod niya sa amin. Kung hindi ko ito didiskartehan, kahit pang-Mighty, wala ako. Nilalamon lang ng bayad sa renta, utang sa tindahan, utang sa kasamahan, utang sa kapitbahay, ang kinsenas-katapusan. Sa dami ng bumibili rito sa burgeran niya, ni minsan hindi niya talaga naisip dagdagan kahit kaunti ang pasahod. Sobra sa oras kung magpa-duty, napakarami pa ng kung ano-anong kailangan bago mabayaran ang OT na hindi rin naman inihuhusto ang bigay sa sobrang oras na trinabaho. Ibang klase. Kunsabagay, kung may konsensiya ’tong taong ’to, hindi ’to yayaman.

Bago rumelyebo ng duty, dumaan muna ako kina Aling Ninay. Katulad dati, nagpalista muna ako ng anim na balot na monay. Si Alvin na ang bahala tumarya ng mga patty. Ang isang bilog, kaya niyang gawing dalawa. Maliliit ang monay na binibili ko pamalit sa buns ng Betty Burger. Hindi mahahalatang bawas ang patty. Ang isang patty, magagawa naming dalawa. Sa isang buy one take one, mababayaran ang tindahan, mababayaran din kami ni Alvin. Anim na balot ng monay, trenta y sais na tinapay, disiotsong order ng buy one take one, malaking tulong pantawid namin. Hindi na masama.

Pagdating ko sa stall, naro’n na naman si Elbis. Si *Dagdag-gulay kuya*. Hindi lang namin matabla dahil kapatid ng tropa—utol ni Mango. Noong bago ako rito sa burgeran, si Mango ang unang tambay na nakapalagayan ko ng loob, sinakyan ko lang nang sinakyan ang mga kuwento. Putol ang kaliwang braso niya. Kuwento niya, nahiwa daw ng samurai noong rumesbak siya minsan sa kabilang zone. Siyempre lahat ng katapangan niya, ikinuwento niya sa ’kin. Kunwari bilib na bilib ako, kahit na alam kong hindi naman taga ng kung anong patalim ang pumutol sa

braso niya. Napansin kong may kuntil sa dulo, walang marka ng tahi o peklat ng pinagsugatan. *Inborn,* sa loob-loob ko. Pero hinayaan ko siyang bumangka nang bumangka. Wala namang mawawala sa 'kin. At saka napakinabangan ko naman ang mga payo niya para tumagal ako sa burgeran: Una, kapag may nanghingi ng plastic, 'wag kong pagdamutan—supot pang-rugby 'yon o solvent. Pangalawa, kapag may nanghingi ng tubig, kahit tubig-gripo, magbigay. Pangatlo at pinakamahalaga, kung kaya mag-abot ng pangyosi, mag-abot kahit papa'no, o pipti—hatian ang humihingi. Lahat ng 'to, ginawa ko. Nagbunga naman no'ng minsang may mga lasing na kostumer na hindi nagbayad at balak pa 'kong kanain dahil sinisingil ko. Mga tambay ng burgeran ang umasikaso. Nagbayad ang mga lasing na manong higit sa halaga ng kinain nila. Tama nga si Mango.

"Elbis, kuya mo?" bati ko.

"Ay, Kuya Dreb," linga niya sa akin. "Kina Mang Enteng po, humango ng basahan."

"Dreb, 'kaw na dito?" singit ni Alvin.

"Ako na, ako na. Duty na 'ko."

Pumasok na ako ng stall. Itsa ng bag sa ilalim ng mesa, bihis ng apron at kulambo sa ulo, salpak ng monay sa container, silip sa supplies, silip ng baryang panukli sa kaha.

"Okay na 'yung mga patty, Dreb," nguso ni Alvin sa freezer.

"Nadispatsa mo lahat ng buns?"

"Oo, nabawasan ko pa 'yang toka sa 'yo. He-he!"

"Salamat, Vin!"

“Uwi ko ’tong mga retasong patty, ha? Pang-ulam. Ginagawang giniling na menudo ni Nanay, e.”

“Nagpapaalam ka pa.”

“Kuya Dreb, padagdag ng gulay,” singit ni Elbis. Heto na naman si Dagdag-gulay.

“Paborito mo ’tong coleslaw?” hirit ko.

“E, paborito ng kaibigan ko. Tig-isa kami, e.”

“Dapat pakbet na orderin mo sa susunod kung gulay ang trip mo.”

Ngumiti at kumamot lang sa ulo si Elbis. Nilagyan ko ng maraming coleslaw ang order niya. Ahon ng burger, balot-ikot-sara, itsa sa plastic bag.

“O, gulay burger,” abot ko sa kaniya.

“Salamat po, Kuya Dreb!”

“Sabihin mo sa Kuya Mango mo, sa Sabado ako dadaan sa inyo pagtapos dito.”

“Sige po, kuya.”

“Dreb, mauuna na ’ko. Bukas ulit,” paalam ni Alvin.

“Ingat, Vin.”

“Dreb, sakali, baka makaaga ka nang kaunti bukas, papagupit lang ako. Nasita na ’ko ni Madam nung isang araw, e.”

“E, bakit di ka pa ngayon magpagupit? Diyan sa tawid lang barberya ni Mang Rolly, oh?” turo ko, lingon, sabay tanto na sarado ang shop. “Ay, sarado pa rin ’to?” kabig ko.

“Parang di na magbubukas ’yan, e. Dun na ’ko sa lampas arko papagupit.”

“Sige, sige. Agahan ko bukas.”

“Nga pala, ’yung ano, Dreb?” habol niya.

“Aagahan ko na nga bukas.”

“Hindi, Dreb. ’Yung ano—ah.”

Natigilan ako saglit. Napatingin ako sa mukha ni Alvin. Pakiwari ko’y alam ko na ang ibig sabihin niya.

“Loko ka, Vin! Biro lang ’yun! He-he!” tapik ko sa balikat niya.

Ngumiti lang si Alvin, iiling-iling sabay deretso sibat. Kanina pa ugong nang ugong ang cell phone sa bag ko. Di ko pa sinisilip, alam ko nang si Nanay ’yon. Wala namang ibang mapursigeng tumawag sa ’kin. Dukot ng phone sa bag, bukas ng Messenger.

**Delia Camacho**

*Nak ...*

*Missed audio call*

*Nak ... sagutin u ...*

*Kasal na ng diko mo sunod na linggo*

*Hindi p ntin natubos si buknoy ...*

*Missed audio call*

*Makakauwi ka ba nak?*

*Makapadala ka sana nung balanse natin kay buknoy*

Mag-iisang taon ko nang hinuhulugan ang pantubos sa baboy naming si Buknoy, hindi pa rin pala tapos. Parang hindi natatapos. Iniisip siguro ng pamilya ko sa probinsiya, limpak-limpak ang kinikita ko dito sa Maynila. Wala silang kaaalam-alam, mas may madudukot pang pera ang batang hamog kaysa sa ’kin.

**II**

WALA nang nagawa si Rina Mae nang kornerin siya ng grupo ni Wendy sa CR. Taga-video si Georgina, bantay sa pintuan si Briana. Ang dalawa pang estudyanteng nasa cubicle, nakimiron na rin. Ang isa, naglabas din ng phone para mag-video.

“O, ngayon ka magpa-cute, Rina, sige!” singhal ni Wendy.

“Wendy, ano’ng ginawa ko sa ’yo? Hindi kita inaano,” depensa ni Rina, bantulot na iginala ang tingin sa masikip na kubeta. Lumalaslas ang tingin ng mga kasama ni Wendy, tagos sa kaniyang kaluluwa.

Lumapit si Wendy kay Rina, napaatras ang huli, gitgit sa limahid na pader na nabuburdahan ng iba’t ibang hugis ng puki at titi na may linya-liyang bulbol, gang tags, rocket, matigas na kulangot, cell phone number, natuyong regla, natuyong tae.

“Di ba nilalandi mo jowa ko? Di ba malandi kang putanginang pabebe ka?” dutdot ni Wendy sa noo ni Rina.

“Bigyan na ’yang pabebe na ’yan!” segunda ni Georgina habang nagbi-video

“Wala ’kong ginagawang ganyan, Wend—ahhhkk!”

*Blaggk!* Bumuwal si Rina sa lababo sa tinanggap na sagapak mula kay Wendy.

“Putangina ka, ano ’to?” duldol ni Wendy ng cell phone sa mukha ni Rina.

Sinipat-sipat ni Rina ang screen ng phone, pilit pinapanauli ang nanlabong paningin dala ng tinamong bigwas. “Ahgkk, ugh! Nak—nag-message lang si Jericho tungkol sa assignment. Hgkkk! Sum—sumagot lang ako, Wendigghh!” hihikbi-hikbing anas ni Rina, sapo-sapo ang pisngi.

Dinakma ni Wendy sa buhok si Rina, hinila patayo, todo-puwersa. Napatingkayad ang huli, alsa ang anit, namimilipit sa ibayong sakit.

“Ahhhhgkkk! Arrraaayyy! Ahgkkk! Wendyyyy!”

Isinalya ni Wendy si Rina sa limahid na pader, nilingon ang mga kasama. “O, kayo na.” hudyat ni Wendy.

Unang lumapit si Briana, humalinhin ng bantay si Wendy sa pinto. Malay na si Rina sa gagawin sa kaniya ng mga kaklase.

“’Wag ka nang pumalag, be,” nakangising anas ni Briana. Hinila niya ang kuwelyo ni Rina, talsikan ang mga butones ng uniporme nito. Todo-buwelo si Briana sabay pakawala ng mabigat na sampal, dalawang kanan. Sa ikatlo’y sumalag na si Rina. Lalong itinutok ni Georgina ang cell phone sa dalawa.

“Ayykk! ’Wag, Bri! Aghkk!”

“Papalag?”

“Tabi, be,” balik ni Wendy, atras si Briana. “Akala mo titigilan ka namin, ha?” Kalahating ibinuwelo ang kanang paa paatras at saka itinadyak sa sikmura ni Rina. Humataw ang likod nito sa pader at napalupasay sa basa at mapanghing sahig.

“Ahhhgggkkkk!!! Awwww!!!”

Iniabot ni Georgina ang cell phone kay Briana para ituloy ang pag-video. Dagli niyang dinakma sa buhok si Rina, inikot-ikot nang sabunot, ipinagwagwagan sa paligid ng masikip na banyo. Kung sa’n-sa’n na humataw ang katawan at ulo ni Rina.

“Tama na! Ahhkk! Tam—ahkk! Taaa—aghkk!” sumamo ni Rina.

“’Yan, sige! Para magtanda ’yan. Kami pa, ha? Kami pa talaga babanggain mo, ha?!”

Sumige-salitan ang tatlo sa pag-upak kay Rina. Suntok-tadyak-sampal-sabunot. Paulit-ulit. Hanggang sa puntong hindi na sumasalag si Rina, tinatanggap na lamang ang lahat ng bigwas, parang wala nang nararamdaman. Naghalo na ang uhog at dugo sa kaniyang mukha na manaka-nakang nababanlawan ng luha. Huminto sila sa pag-upak kay Rina nang mapansin nilang tila wala na itong malay.

“Be,  tama na ’yan. ’Lika na, ’lika na!”

Pulasan ang tatlo, sumunod ang mga miron. Naiwan si Rina sa kubeta, ngudngod ang mukha sa sahig, puro matitinis na ingay ang naririnig, nanlalabo ang paningin, hinahabol ang paghinga, tuloy-tuloy ang pagluha, nanginginig ang mga labi. Ngayon ay humahalo na ang kaniyang luha-dugo-sipon sa burong-tubig ng nagpuputik na sahig.

“Tah—ttt—tay,” aapa-apa niyang sambit bago tuluyang mapikit.

**III**

TODO-HARUROT ang traysikel, nabibilaukan na ang makina’t uubo-ubo ang tambutso sa rahas ng pagsuyod sa makikipot na akyat-babang daanan, walang-humpay ang iskandalosong busina. Wala na silang pakialam sa masasagi. Mapitik na ang mapipitik.

“Mango! Ahaghhhk! Mangooo! Ayokong mamatay!” palahaw ni Alvin na naglulusak sa sariling dugo habang nakaplasta sa mga hita ni Mango.

“Hindi ka mamamatay, pare! Huwag kang pipikit! Huwag kang pipikit, pare!” tugon ni Mango habang sapo-sapo ng kanang kamay ang tagiliran ni Alvin na binubulwakan ng malapot na dugo.

“Hi—h-hindi ak—maka’inga, hihihinga, Mango!”

“Iratrat mo, Omeng!” mando ni Mango sa nagmamaneho habang pasilip-silip sa likuran.

“Wala nang iraratrat, Mango!”

“Putangina naman, eh!”

“Mango, hindi na nila tayo aabutan dito; ang kikipot ng daan, di uubra mobil dito!”

“Mangoooo! D-Dalkkhin n-n’yo ’ko sa ’spital! Pppp—parara—parang awa n’yo na!”

“Alvin pare, hindi tayo puwede sa ospital! Kapit lang, hindi ka mamamatay!” Tapik-tapik ni Mango sa pisngi ni Alvin, na kapansin-pansin na ang pag-iiba ng kulay. “Omeng, ilusot mo sa Gumamela!”

Humimpil sila sa likod ng Gumamela, ikinubli ang traysikel sa tambakan ng case ng beer at sopdrinks. Pinagtulungan nilang buhatin si Alvin.

“Mango, sa’n tayo?”

“Kina Diegs.”

“Diegs kalapati?”

“Wala nang ibang Diegs, Meng.”

Binaybay nila ang tabla-tablang retasong tulay papasok sa bukid ng Gumamela. Sa bungad ay ang hilera ng mga patong-patong na kulungan ng kalapati at kuneho. Sinalubong sila ng atungal ng dalawang payat na kambing, siyang bukas ng bombilya sa barong-barong. Iniluwal ng atip na pintuan ang isang mamang kalbo na may malaki at mabilog na tiyan.

"Sino 'yan?"

"Diegs, si Mango 'to."

Nang sipating maigi ni Diegs ang mga panauhin, saka niya lamang napagtanto ang lagay. Iling at malulutong na palatak lang ang naitugon niya.

"Mango, talagang sumasadya ka lang dito pag may aberya?"

Bantulot si Mango, hindi makaapuhap ng sasabihin. "Pasensiya na, Diegs."

"Kung nasundan kayo, balik na naman ako sa oblo nito."

"Hindi, Diegs. Malayo na kami sa trobol."

"Natural, 'yan ang sasabihin mo," singhal ni Diegs sabay subo ng sigarilyo't nagsindi, malalim na hitit, mahabang buga. "'Pasok n'yo dun sa loob."

Inihiga nila si Alvin sa kawayang papag. Halos di na ito makapagsalita, inaagaw na ng pagsasara ang mga talukap. Pumunit si Diegs ng piraso ng tela sa laylayan ng damit ni Alvin, ibinalumbon at saka ipinasak sa butas nitong tagiliran.

"Aghkkkkkkkk—aghk!"

"Tiisin mo, bata." Dahan-dahan, ipinihit ni Diegs si Alvin patagilid, sinipat-sipat ang sugat. "Tagusan 'to," tipid niyang sabi.

“Maigi ba, Diegs? Walang naiwang bala sa loob?” usisa ni Mango.

“Maigi. Hindi tayo mahihirapang magtanggal ng basyo. Masama, karne na lamanloob nito. Susunugin ko sugat nito, maisasara natin ’yan, pero dudugo lang nang dudugo ’to sa loob.”

“Pa’no, Diegs?”

“Abot mo ’yung katala ko, nandun sa ibabaw ng kulungan.”

Panakbong lumabas ng barong-barong si Mango para kunin ang katala. Pagbalik niya sa loob, inabutan niyang triple na ang panginginig ng katawan ni Alvin.

“Painitin mo ’yung ukpungan niyan,” bato ni Diegs ng lighter kay Mango.

Dumeretso si Diegs sa maliit na hapag, dinukot sa ilalim ang isang kalawanging tool box na nasisidlan ng mga botelya at limahid na supot—mga gamot at bitamina ng alagang hayop. Sumalok siya ng kalahating basong tubig sa dram at sinimulang maghalo.

“Angat n’yo ulo.” Siyang alalay ni Mango at Omeng kay Alvin. Inilapag ni Diegs ang baso, dinampot ang katala at itinuloy ang pagpapainit nito. “Mango,” nguso ni Diegs sa baso. “Omeng, alalayan mo muna ’to,” pasa ni Mango kay Omeng sa bigat ng mga bisig ni Alvin.

Dinampot ni Mango ang baso, wala sa tuktok kung paano ipaiinom sa naghihingalong kasama. Pagkadaka’y tinanggal ni Diegs ang tapal sa sugat ni Alvin at saka diniinan ng nagbabagang katala.

“Aaaaaahhhhhh!”

“Mango!” hudyat ni Diegs.

Dagling ibinuhos ni Mango ang laman ng baso sa bukas na bunganga ni Alvin. Mabila-bilaukan ito. Pinuwersa ni Diegs na isara ang bibig ng huli, tinapik-tapik ang dibdib, at saka marahang ibinalik sa higa, iigkas-igkas kahit pa wala nang lakas para mamilipit sa sakit.

"Tangina, Diegs. Haghkk, haghhk! Ssssalamat," hihingal-hingal si Mango.

Nagsinding muli ng sigarilyo si Diegs. "Mango," saglit na patlang na pinunan ng mahabang usok, "hindi ka dadayo sa nananahimik kong bahay na may dalang mama na butas ang tagiliran 'tapos salamat lang."

**IV**

PAKIRAMDAM ni Mang Rolly, ay natapos na ang kaniyang buhay at mga pangarap para sa kaisa-isang anak nang sabihin ng doktor na magiging permanente na ang pagkaparalisa ni Rina Mae. Para siyang tinanggalan ng hangin sa baga at saka itinulak sa malalim na balon. Patong-patong na ang kalbaryo. Ang mga estudyanteng gumawa n'on sa kaniyang anak, pare-parehong hindi napanagot. Malay siya na ang mga kabataang ito ay may mga kamag-anak na opisyal sa kanilang barangay at munisipyo. Sa loob niya, paanong ang isang tulad niyang hamak na barbero ay pakikinggan? At bakit kailangang ang naagrabyado ay nakokompromiso sa pandinig ng otoridad? Kilala niya ang kaniyang anak—wala itong inatupag kundi bahay-eskuwela, walang nakakaaway, walang nakakagalit—simpleng bata na may mataas na pangarap. Halos dalawang buwan nang natengga sa ospital si Rina Mae gawa nang hindi malaman ni Mang Rolly kung saan hahagilap ng ibabayad. Matagal na nakasara ang barberya, wala siyang ibang pagkukunan ng kabuhayan. Kung sino-sino na ang kaniyang nilapitan, at madalas na *"Isasama ko siya sa aking mga panalangin"* ang kaniyang natatanggap. Naisip niya ang barangay at munisipyo ngunit hindi niya masikmurang humingi ng tulong sa mga taong mismong nagkait sa kanila ng katarungan. Hanggang sa nauwi

siya sa pagbebenta ng mga gamit na naipundar sa bahay at barberya. Nang makauwi silang mag-ama, tanging bukbuking aparador, mesang pilay, at papag na siyang magiging higaan ni Rina Mae ang nalabi sa kanilang tahanan.

Una't kaisa-isang dumalaw ang kaklase ni Rina Mae na si Elbis, bitbit ang isang supot ng buy one take one hamburger na paborito nilang pagsaluhan tuwing uwian.

"Mang Rolly, magandang araw po."

"Elbis, pasok ka."

Bumungad kay Elbis ang kalagayan ng kaibigan. Humigpit ang tangan niya sa bitbit na supot. Napuna iyon ni Mang Rolly.

"Ahh, Elbis, hindi pa kayang kumain ng ganyan ni Rina. Tayo na lang kumain niyan, ano?"

"Opo, Mang Rolly. Heto po," abot ni Elbis ng supot.

"Salamat, Elbis. Ahh, pasensiya ka na, hindi kita maalok na umupo. Pati mga silya, naibenta ko na."

"Wala pong problema, Mang Rolly. Kain po tayo."

"Hindi pa makakagalaw si Rina. Hindi pa rin makakasalita," anas ni Mang Rolly.

Kagat-nguya ng burger ang pumuno sa isang saglit na patlang. Napansin ni Elbis na habang kumakain, nangingilid ang mga luha ni Mang Rolly. Sisinghot-singhot ito, iiling-iling.

"May hot sauce ba 'to, Elbis?"

"Naparami po 'ata," pagsisinungaling ni Elbis, kahit pa ketchup lang ang inilagay niya.

"Elbis?"

“Po?”

“Napanood mo ’yung video?”

Inaresto ng panlalamig sa gulugod si Elbis. May kung anong likidong sumisirit sa kaniyang tagiliran na nagpapabilis ng tibok ng kaniyang puso.

“H-Hindi po. Hindi ko po kaya,” bantulot niyang tugon.

Iiling-iling si Mang Rolly, basa na ang mga pisngi ng luha. “Hindi ko rin kaya, pero pinanood ko. Tinapos ko.” Kalahati ang kaniyang ngiti sabay pahid ng luha’t sipon gamit ang manggas. “Elbis, puwede pakitignan muna si Rina Mae? Sasaglit lang ako sa barbershop, kunin ko lang ’yung mga bill sa tubig at kuryente, nagpatong-patong na.”

“Sige po, Mang Rolly.”

“Salamat, Elbis. Mabilis lang ako.”

Umupo sa malagkit na linoleum si Elbis, sa tabi ng papag ni Rina Mae. Matagal lamang siyang nakatitig sa kaibigan, malalim ang buntonghininga, nagtutubig ang mga mata, nanginginig ang mga labi.

“S-Sorry, Rina.”

**V**

*“TATLONG menor de edad na babae ang natagpuang patay sa likod ng Teodora National High School, Bayan ng Alirao, bandang alas-onse y medya kagabi. Ang mga biktima’y kinilalang sina Georgina Manlapaz, 14; Briana Jane Dela Fuente, 15, na kapuwa may tama ng bala ng baril sa dibdib; at si Wendy Salvador, 15, na patay naman dahil sa mga tinamong palo sa ulo. Ayon sa pulisya, wala na ang mahahalagang gamit ng mga biktima tulad ng cell phone at wallet.*

*Tinitingnan ang anggulong pagnanakaw bilang motibo ng mga suspek. Ang lokal na pamahalaang bayan ng Alirao ay magbibigay ng dalawandaang libong piso bilang pabuya sa makapagtuturo—kshhkhtsz! Shhzt! Ze Bluetooth has been… disconnected.”*

“Boss, ba’t mo pinatay?” reklamo ng kostumer.

“Lobat na, boss. Di ko pinatay,” katwiran ko.

“Di ba pamangkin ni Kagawad Jun ’yung Wendy?”

“Boss, di ko kilala,” pagsasara ko ng usapan.

Tanginang kostumer ’to, ginawa pa ’kong tagapagtuloy ng naputol na balita. Ang dami-dami ko nang iniisip, dadagdag pang mameste. Si Ma’am Bet, tawag nang tawag. Hindi ko raw ba talaga namukhaan ’yong mga nangholdap sa store? Ilang beses ko nang sinabi na nakabonet hanggang mukha ’yong mga holdaper. Ang walang-hiya, di makatulog sa trenta y singko mil, kaya walang-patid din mangulit tungkol kay Alvin. Nakailang sabi na ako na umuwi ng probinsiya. Ang gaga, nag-aalala na hindi agad makahanap ng relyebo at maputol ang oras ng pagbubukas ng burgeran. Swapang talaga ang putangina.

Kagabi, tumawag si Mango. Umiigi-igi na si Alvin. ’Kandaletse-letse ang plano. Ang pareho naming ipinagtataka, paanong pagkasa nila’t saktong pagkuha ng kaha, naglitawan ang mga pulis na parang nakaabang na sa mga mangyayari. Pinakapeste pa, sa P35,500 na naitakbo, kumalahati pa si Diegs. Para ka na ring nagbayad sa ospital. Alam na alam niyang wala kaming ibang matatakbuhan. Para sa lahat ng nangyari, wala pang sais mil ang hatian naming tatlo. Putangina talaga, putangina. Kung bibigyan ako ng pampalubag-loob, ’yon ay hindi na ako pinitpit ng mga pulis—walang hinala, biktimang-biktima ako, naholdap ang store. Nangyayari talaga ’to. Ano’ng laban ko sa mga holdaper na armado? Paluin ko ng siyanse?

“Boss, magkano sa ’kin?”

“May cheese pareho, boss, ’no?”

“’Yung isa lang, boss.”

“135.”

Pagtanaw ko sa tawid-kalsada, sapul agad ng mga mata ko ang paparating na mobil ng pulis. Heto na naman. Hindi ko na malaman kung ilang statement ba ang kailangan para matapos ’to. Tinanong na nila ang mga nakakita, nakamaskara ang mga holdaper. Ke malayo, ke malapit, nakamaskara ang nakamaskara, malabong makilala, malabo ring sabihin ko na kasabwat ko ang dalawa. Mga gagong ’to. Hanggang sa mapansin kong sa harap ng barbershop ni Mang Rolly sila pumarada.

“Boss, sukli ko, boss?”

“Nag-abot ka na ba?”

**VI**

OHAB ang bansag ng mga kaklase sa kaniya. Katagalan, kinasanayan na niya. Hanggang sa dalhin niyang palayaw ang kutya mula loob hanggang labas ng paaralan. Si Elbis ang klase ng estudyanteng hindi kikibo sa pambubuska—tatawa nang pilit kapag inaagrabyado, hindi dinidibdib kung paano siya tingnan at tratuhin ng mga kamag-aral. Bukod-tangi si Rina Mae na tumatawag sa kaniya sa kaniyang tunay na pangalan. Christmas Party sa kanilang section, hindi pinalampas ng mga kaklase ang pagkakataon. Sa pangunguna ng grupo ni Wendy, hinanap nila ang nakabunot sa pangalan ni Elbis para makipagpalit ng makaka-exchange gift. Bukasan ng mga natanggap na regalo, may palitan ng kaunting pasasalamat at mensahe. Noong turno na ni Elbis

magbukas, tutok na tutok ang lahat sa kanya. Isang malaking kahon na kasinlaki ng lalagyan ng rice cooker ang regalo niya. Natagalan si Elbis magbukas gawa nang patong-patong ang balot. Ang laman ng kahon, panay lukot na diyaryo. Napangiti pa siya nang sa wakas ay matagpuan niya sa ilalim ang isa pang maliit na kahon. Nang buksan niya, deodorant ang laman. Sumabog ang tawanan sa classroom. Hindi malaman ni Elbis kung ano’ng dapat na itugon, kaya itinawa na lang din niya ang kawalang-katiyakan sa kung ano ang dapat maramdaman. Iginala niya ang tingin, kitang-kita niya kung paano magkandasakit ang tiyan ng mga kaklase katatawa, bukod sa isa—si Rina Mae. Oras ng kainan, tumabi si Rina kay Elbis.

“Sa ’yo na lang ’tong spaghetti ko,” abot ni Rina Mae ng styro.

“Ako?” taka pa ni Elbis.

“Oo, sa ’yo na lang.”

“Pa’no ka?”

“Nagluto rin si Tatay ng spaghetti, e.”

Bantulot na inabot ni Elbis ang styro. “Salamat, Rina Mae.”

“Walang anuman. ’Wag mo na ring pansinin ’tong mga classmates natin, maloloko talaga ’yang mga ’yan.”

Gumanti ng ngiti si Elbis. Sa unang pagkakataon, ngumiti siya nang hindi napipilitan.

Lumikdaw ang mga araw at pakiramdam niya ay nakahanp siya ng kakampi kay Rina. Madalas silang tumambay sa area ng coop para magmeryenda habang gumagawa ng assignment. Isang araw, nagdala si Elbis ng buy one take one burger. Gustong-gusto ni Rina ang timpla ng coleslaw, kaya nakagawian na ni Elbis na padagdagan ang gulay tuwing bibili sa Betty Burger.

Laging hiling ni Elbis sa sarili, *Sana laging ganito*. Hanggang isang araw, habang nagrerebyu sila para sa paparating na exam, napuna ni Elbis na panay ang silip ni Rina sa cell phone. Paglaon, natutuhan niyang si Jericho ang kausap nito, track and field player sa kanilang paaralan at kasintahan ni Wendy. May kung anong bahagi sa kaniya ang hindi natutuwa sa tuwing nakikita niya ang maingat na mga ngiti ni Rina tuwing tutunog ang cell phone nito. Nasundan nang nasundan ang mga gano'ng tagpo na nauwi sa biglang pag-iwas ni Elbis kay Rina. Isang araw, sa tabing-ilog o TI kung tawagin ng mga estudyante, natagpuan na lamang ni Elbis ang sarili na papalapit sa grupo ni Wendy.

"Ohab, malayo pa lang, ramdam na namin ang puwersa mo, ah. Ha-ha!" bungad ni Wendy.

Nagkoro sa tawanan ang grupo. "Ha-ha-ha!"

"Baka hindi ka na makatawa pag nalaman mo ginagawa ng boypren mo," pakli ni Elbis.

Natigilan ang tatlo.

"Ano'ng sabi mo, ohab?!" singhal ni Wendy.

**VII**

PAGDATING ni Dreb sa lungga ni Diegs, dinatnan niya si Mango na nililinisan si Alvin. Hindi pa rin ito makabangon. Papalapit siya nang papalapit sa kaibigan, bigla siyang sinakmal ng singaw ng pinaghalong sangsang at angis.

"Mango, p're," anas ni Dreb. "Langya, dito ba sa loob nagpapadumi ng alaga si Diegs?"

"Dreb, hinaan mo boses mo. Madinig ka, gagi. Pabalik na 'yun."

"Sama ng—"

"Dreb," putol ni Mango, "hindi dumi ng hayop naaamoy mo." Buong puwersang itinagilid ni Mango si Alvin at saka bahagyang iniangat ang laylayan ng T-shirt.

Natigilan si Dreb at saka napangiwi. "Putangina, p're." Sabay subo't sindi ng sigarilyo, marubdob ang hitit, mabigat ang buga. Napalinga sila sa biglang bukas ng pinto—si Diegs, bitbit ang tatlong plastic bag ng patuka.

"Dandreb, balita?" bungad ni Diegs.

"Sablay, Diegs," tugon ni Dreb.

Kalahati ang ngiti ni Diegs. "Sablay nga," segunda pa nito. Nailing lang si Dreb.

Patlang. Kapwa bantulot sina Mango at Dreb, hindi makaapuhap ng itutugon sa pagsang-ayon ni Diegs na sablay ang mga nangyari, na bulilyaso ang lakad nila. Nagsindi pa ulit ng sigarilyo si Dreb sabay abot ng lukot na kaha ng Marvels kay Diegs.

"'Laking bagay 'to sa 'min, Diegs. Salamat."

Kumuha ng dalawang stick si Diegs, isinubo ang isa habang isiniksik naman sa kanang tenga ang isa pa. "Pag abutin pa ng Sabado 'yan dito, maniningil na 'ko ulit," malamig na balik ni Diegs habang umaaso-aso ang bibig at ilong.

Nagkatinginan sina Dreb at Mango, kapwa lukot ang mga mukha.

———

NAGPAALAM na ako kay Mango. Tulog pa rin si Alvin. Kailangan ko na magbukas ng store. Putangina, sa tinakbo nitong lakad namin, lalabas na mag-aabono pa kami. Ending, magkakautang pa kami kay Diegs. Hindi ko na masagot-sagot ang tawag ni Nanay. Tadtad na 'ko ng palo-ap. E, putangina, kahit sunugin ako ngayon, hindi ako mangangamoy barya man lang.

Pagtawid ko sa store, may mama nang nakatanghod sa mesa. *Aga pumila.* Nang sipatin kong maigi, si Mang Rolly barbero pala.

"Mang Rolly, kanina pa kayo? Magbubukas pa lang ako," bati ko.

"Di naman, kakatawid-tawid ko lang din."

"Sige po, magsalansan lang po 'ko dito sa loob saglit." Kamada ng matitigas na patty, kaskas ng mga amag sa tinapay at keso, sindi ng tangke, sindi ng griddle para magtunaw ng sebo.

"Kumusta ka, Dreb?"

Natigilan ako sa ginagawa. Hindi ko alam kung matatawa ako o matutuwa na may nangungumusta sa 'kin. Di lang pangkaraniwan, kakaiba lang ang dating. Napangiti ako.

"Ah, Mang Rolly, okay naman po. Heto, nakakaraos."

"Si Alvin, kumusta?"

Biglang nabura ang ngiti ko na pilit ko ring ibinalik. "Ahh, matagal na pong AWOL si Alvin, Mang Rolly."

May kung ano sa ngiti ni Mang Rolly na nakapagpapakilabot sa 'kin. Di ko malaman kung ngiti o ngisi. *Bakit niya biglang kinukumusta si Alvin?*

"'Yung mga batang babaeng pinatay dun sa Teodora, nabalitaan mo?"

"Ahh, opo, Mang Rolly."

"Dalawandaang libo patong sa ulo ng suspek, alam mo 'yun?"

Hindi ako nakasagot, dahil hindi ko alam ang tungkol sa patong. Hindi ako makasagot, dahil hindi ko alam kung bakit niya sinasabi sa 'kin ang mga bagay na 'yon.

Ipinatong niya sa mesa ang isang pink na wallet, binuklat, at naglabas ng isang litrato. “Itong batang ’to, namatay sa palo sa ulo ng kung anong matigas na bagay.”

“P-Po?”

“’Yung dalawa naman, natinggaan. Sabi ng mga pulis, paltik daw ang gamit.”

Napansin ko na lang ang sarili kong nakikinig, walang salita.

“’Yung ginamit ng mga holdaper nitong hamburgeran, paltik din, di ba?”

“H-Hindi ko po alam, Mang Rolly.”

“Alam kong nangangailangan ka, Dreb. Mahirap ang buhay. Kaya nga nagawa n’yo ni Alvin ’yun, di ba?”

Parang dinukot ang kalamnan ko. Ramdam ko ang pamamawis ko nang malamig. Hindi ko malaman kung naiintindihan ko o hindi ang nangyayari—lamang sa hindi. Pero ang sigurado ako, may alam si Mang Rolly. Ang hindi ko alam, bakit putanginang binabanggit-banggit niya sa ’kin ’tong mga batang pinatay, may dala pang wallet na may litrato n’ong bata. Saka ang tagal nang sarado ng barberya, biglang babalik si Mang Rolly na parang alam na alam ang lahat? Putangina, mesademonyo ’tong lugar na ’to.

“Dalawang order ng buy one take one, Dreb. Padamihan ng gulay, ha?”

**VIII**

*HINDI niya lubos maisip na magkakagano’n si Rina Mae. Sinusurot siya ng konsensiya. Wala siyang mahingan ng saklolo. Wala siyang mapagsabihan. Isang gabi, umuwi ang kaniyang Kuya Mango, aligaga. Hindi niya maunawaan. Paulit-ulit itong nagtatanong kung may naghahanap ba*

*sa kaniya. Nagpaikot-ikot ito sa kanilang maliit na bahay. Hindi makabuwelo si Elbis. Gusto-niya-na-ayaw niyang magsabi sa kaniyang Kuya Mango.*

*"Elbis, alalayan mo 'tong mesa." Dagling tumuntong si Mango sa kanilang hapag, binuksan ang isang bahagi ng kisame, at doon ikinubli ang tangang paltik. Nakatunghay lamang si Elbis.*

*"Kuya, aalis ka ulit?"*

*Hindi agad nakatugon si Mango. Dumukot ito ng pera sa likurang bulsa ng pantalon at iniabot kay Elbis. "Pagkasyahin mo muna 'yan, ha? May lalakarin lang ako."*

*Mabilis na sumibat si Mango. Naiwang nakatunganga si Elbis sa kisame.*

---

TATLONG cell phone, dalawang wallet, lahat nakasilid sa makapal na supot. Bakal na nakabalot sa puting tuwalya. Nang silipin ko, pamilyar ang yari. Sinipat ko ang ilalim ng nguso, may maliit na ukit ng letrang B. Hindi ako nagkamali, kay Mango nga ito. Pero pa'no 'to mapupunta kay Mang Rolly? Anong putanginang milgaro ba ang nangyayari? Ah, puta! Wala na 'kong oras magproseso ng mga 'to. Ang punto ng bilin sa 'kin ni Mang Rolly, itanim ang lahat ng 'to kay Mango at saka siya titimbre sa mga pulis—na putangina, pa'no ko naman gagawin? Hindi ako mabuting tao, pero hindi pa ako siguro kasinsama ng gustong mangyari ni Mang Rolly. Hindi ko alam kung paano 'to gagawin sa taong tumulong sa bulilyasong kami naman ni Alvin ang nagsimula. Wala sa mga salita ni Mang Rolly ang pagbabanta. Naisip ko lang, mas nakatatakot pala ang gano'n. Dahil alam na alam kong kapag hindi ko 'to ginawa, dadamputin na lang ako ng mga pulis sa mga susunod na araw. O matindi pa, tinggaan na lang ako bigla. Putangina, bahala na. Naitanong ko pa: Pa'no kung magsalita si Mango at magturo? Sagot niya, paano raw magtuturo

ang bangkay? Kinikilabutan ako sa mga salita ni Mang Rolly. Lahat ng 'to, di ko inaasahan. Humingi ako sa kaniya ng palugit hanggang Sabado ng gabi.

———

*PAULIT-ULIT na umaandar ang mga imahen sa alaala niya. Walang amang makasisikmura sa pandarahas sa kaniyang anak. Walang sandaling hindi umaalingawngaw sa kaniyang pandinig ang paghingi ng tulong ni Rina Mae. At sa tuwing matatanto niya ang sinapit ng mahal na anak, hindi mawaglit sa isip niya ang mga taong nagkait sa kanila ng laban na parehas. Habang pabalik-balik sa ospital hanggang mailabas at maiuwi si Rina Mae, hindi niya tinigilan ang kubling pagmamanman sa grupo ni Wendy—kung saan naglalagi ang mga ito, sino ang mga nakakasama, mga daan na pangkaraniwang dinaraanan sa araw-araw. Hanggang isang gabi, napagpasyahan niyang iyon na ang gabing siya mismo ang maniningil.*

———

BIYERNES ng gabi, dumalaw si Dandreb sa lungga ni Diegs. Sa labas, sinalubong siya ni Mango ng ngiti, bagay na lalong nagpasidhi ng kaniyang bagabag.

"Ano 'yang dala mo?" nguso ni Mango sa napsak ni Dandreb.

Bantulot si Dandreb. "Ahhh, ano, mga—mga damit pamalit sana ni Alvin."

"Sakto 'yan, Dreb!"

"Sakto?" taka ni Dandreb.

"Nakakabangon-bangon na si Alvin, puwede na natin isibat 'yan dito." Malaki ang ngiti ni Mango. Blangko ang mukha ni Dandreb, napuna 'yon ni Mango. "Oh? Ngayon na lang tayo may good news, parang wala ka pa sa hulog?"

“De, Mango. Ayos, ayos.”

“Ayos talaga. May maitatabi tayo kahit konte. Sabi ni Diegs, pag inabot ng Sabado, maniningil pa siya ulit, di ba? O, kahit hanggang mamaya bago maghatinggabi, sibat na natin si Alvin dito.”

———

*HABANG nanonood ng ensayo ng mga track and field players sa quadrangle, panay rin ang bantay ni Elbis sa gamit ni Jericho na nakatambak sa hilera ng mga silya sa gilid ng basketball court. Nang makakuha ng buwelo, pasimple niyang dinampot ang belt bag ni Jericho at dali-daling tumungo sa CR. Inilabas niya ang cell phone, humihingi ito ng face recognition. Dinukot ni Elbis ang kaniyang cell phone at saka itinutok ang Facebook profile picture ni Jericho. Pagbukas ng cell phone, dumako siya sa Messenger app. Bumungad agad ang pangalan ni Wendy.*

**Jericho**

*Babe kita tayo sa TI maya 10:00pm meron ako sindi tayo*

**Wendy**

*Wow! Okay babe C u I lovr you*

*Pagkabura ng messages, inilublob ni Elbis ang cell phone sa dram ng tubig na batbat ng kitikiti. Nang masiguradong hindi na magbubukas ang cell phone, ibinalik na niya ito sa belt bag at maingat na isinauli sa tambak ng mga gamit sa quadrangle.*

———

INABUTAN kami ni Diegs na binibihisan si Alvin. Nakapaglipit na rin ng mga gamit si Mango. Humila ng silya si Diegs at umupo sa harapan namin, walang salita, pinanonood lang kami.

“Diegs, salamat. Bale, ano, sibat na namin si Alvin,” paalam ko.

Umiling-iling si Diegs, nakangisi. “No problem. ’Yung singil ko sa inyo, huwag n’yo lang kalimutan.”

Napalinga ako kay Mango, wala rin itong imik, “Ahh, Diegs. Biyernes palang ngayon. Di ba sabi mo—”

“Wala ’kong sinabi.”

“Diegs, ubos na ’yung ano, eh.”

Putanginang tao ’to. Napakaswitik amputangina, eh. Para bang itong trinabaho namin, trinabaho lang namin para sa kaniya. Suwapang.

“Hindi ko ’yun problema, Dreb.”

“Diegs pare, sagad na kami,” singit ni Mango.

Tumayo si Diegs, biglang sinunggaban ang napsak sa tabi ko. Hindi na ako nakapalag. Puki ng ina talaga.

---

*HABANG binabaybay ang makipot na daan patungong TI, nakarinig ng dalawang magkasunod na putok si Mang Rolly. Natigilan siya. Sa tantiya niya, galing ang putok sa likod-eskuwela kung saan niya sasadyain ang grupo ni Wendy. Maingat ang mga sumunod niyang hakbang. Sa mataas na bakuran ng likod-esukwela siya kumubli at dahan-dahang sinilip ang nasa kabila—dalawang batang babae ang nakatimbuwang, at isang batang lalaki na may tangang baril, nakatutok sa direksiyon ng isa pang batang babae na gumagapang sa damuhan. Pansin ni Mang Rolly ang paulit-ulit na pagkalabit ng batang lalaki sa gatilyo at ang paulit-ulit din nitong pagpalya.*

*Bumuhat ng hollow block ang batang lalaki, luminga-linga muna sa paligid, at doon na natanto ni Mang Rolly kung sino ito. Saka siya napahagad patumbok sa TI.*

———

IBINUHOS ni Diegs ang laman ng napsak. Laglagan ang mga damit, sumunod ang mga cell phone at wallet sa supot, at ang paltik na nakabalot sa puting tuwalya. Dinampot niya ang mga ito, binulatlat ang puting tuwalya, lalong lumaki ang ngisi.

“Mukhang napaganda solo-lakad mo, Dreb.”

“Ano, Diegs—ahh, hindi ’yan—ano, eh.”

“Okay na ’ko dito,” anas ni Diegs habang sinisipat-sipat ang paltik.

Wala nang nagawa sina Dreb at Mango kundi ituloy ang paggayak kay Alvin. Lumabas si Diegs bitbit ang supot at paltik.

“Dreb, bakit dala mo ’yung paltik? Sa’n galing ’yung mga selpon? Tumira ka mag-isa?”

“H-Hindi, hindi. Mamaya na natin pag-usapan, ialis muna natin si Alvin dito.”

Dinukot ni Dreb ang cell phone sa likurang bulsa ng pantalon, tumipa’t gumawa ng tawag, nagsindi ng sigarilyo habang naghihintay sumagot ang nasa kabilang linya. Akay na ni Mango si Alvin. Bumilis ang kalabog ng dibdib ni Dreb nang sagutin ng nasa kabilang linya ang tawag.

“Hello, Mang Rolly? Mang Rolly, huwag na nating ipagpa-Sabado ’to.”

“Dreb, tara?” anas ni Mango.

“Tara na,” nakangiting tugon ni Dreb.

**Wakas**